HEKASI 6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

# SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS



# TAPAT NA PAGLILINGKOD: NAG-BUBUKLOD SA MGA PILIPINO

**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

GRADE VI

# TAPAT NA PAGLILINGKOD: NAGBUBUKLOD SA MGA PILIPINO

## ALAMIN MO




Ikaw, ano ang nais mo sa iyong paglaki? Nakikita mo ba sa larawan ang iyong sarili? Ang iyong pamilya? o mga lider ng iba't-ibang sektor ng lipunan?

Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon, sino sa mga nasa larawan ang nais mong makatulad?

Nagpapatunay lamang na lahat tayo ay may mga pangarap o mithiin sa buhay na siyang nagiging gabay natin sa pagkakaroon ng tahimik at maayos na pamumuhay.

Sa araling ito, ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na makilala ang ilang taong magiging gabay mo sa iyong paglilingkod o paghahanapbuhay.

Simulan natin ang aralin.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Iguhit ang  kung sang-ayon ka sa ipinahahayag ng pangungusap at ⊗ kung di ka sang-ayon. Isulat mo sa iyong kuwadernong sagutan ang iyong katwiran ng pagsang-ayon at di-pagsang-ayon sa mga nakalahad sa bawat bilang.

1. Lahat ng tao ay may karapatang ipagtanggol ang kanilang sarili sa hukuman.
2. Ang mga mahihirap ay hindi dapat magbayad ng buwis.
3. Anak mayaman lang ang may karapatang mag-aral sa mga pribadong paaralan.
4. Magkakatulad ang tinatamasang karapatan at kalayaan ng mahihirap at mayayaman.
5. Lahat ng tao ay pantay-pantay sa kalikasan at sa harap ng batas.
6. Ang mayayaman ay mas pinapanigan ng batas.
7. May pagkakataon ang bawat mamamayang mapaunlad ang sarili.
8. Ang may kapansanan ay may pagkakataong makapamuhay ng produktibo.
9. Ang mga tao ay may karapatang magmamay-ari ng lupa at bahay para sa kanilang mag-anak.
10. Walang maasahang tulong sa pamahalaan ang mga mahihirap.




# PAG-ARALAN MO










Barangay Chairman naman po ako.  Palakaibigan, sa tuwina'y dumadalaw sa pamayanan ay naglilingkod sa taong bayan.
BRGY. CHAIRMAN
Ako naman po ay isang inhinyero sa isang sangay ng ating pamahalaan. Ako po ay nangangasiwa sa pagpapagawa ng mga proyektong imprastraktura sa bansa.
Pinuno naman ako ng isang ahensiya ng pamahalaan. Isinasaalang-alang ko ang kapakanan ng nakararami at hindi ang kapakinabangan ko.
Isang guro din po ako sa pam-publikong paaralan.  Tulad ninyo matapat ko pong tinuturuan at ginagabayan ang aking mga mag-aaral.
Pangalan :








- Nakilala mo na ba ang mga kawani o pinuno ng pamahalaan?  Sino sa kanila ang nais mong tularan?  Bakit?
- Sa palagay mo, mayroon pa kayang mga taong tulad nila?
- Ikaw sa iyong paglaki, paano mo paglilingkuran ang bayan mo?

Gumuhit ka ng iyong picture frame tulad ng nakalarawan. Dito mo itala ang iyong mga sagot.



- Gusto mo pa bang makakilala pa ng maaaring maging huwarang kawani o pinuno ng pamahalaan?

Kung ganun, basahin mo ang lathalain sa loob ng kahon.

***Lunes, Ika-24 ng Hunyo, Ika-6:00 ng umaga.***

Lubhang napakalakas ng ulan nang nagdaang gabi, at patuloy pa rin ang pagbuhos ng ulan ngayong umaga. Ang dating low pressure ay ganap nang naging bagyo, si Bining. Sa lakas ng buhos ng ulan, kabi-kabila ang baha. Tunay ngang malaking pinsala ang nagawa ng bagyo sa mga tao at bayan.

Sa gitna ng mga pangyayaring ito, nandoon si Mayor Jose Bautista ng bayang Malasique na nagsisimulang magbigay ng tulong sa mga nasalanta ng bagyo. Sunud-sunod ang pagdating ng mga tulong na pagkain, gamot, damit at iba pang pangangailangan na ipinagkatiwala kay Meyor. Dumating ang maraming volunteer na nakiisa at nakilahok sa kanyang mithiin, ang tapat na pagsasakatuparan ng kaniyang tungkulin sa sambayanan.

Samantala sa Barrio Mapayapa ay tulog na tulog ang Alkalde sapagkat malamig ang simoy ng hangin. Ang taong bayan ay sunud-sunod na dumarating at humihingi ng tulong dahil nasira ng bagyo ang kanilang mga pananim at tirahan pero sila ay umuwing malungkot.

Naunawaan mo ba ang nilalaman ng iyong binasa? Anong mga katangian ng pinuno mayroon ang dalawang mayor? Sa palagay mo , sino sa kanila ang naglilingkod ng tapat? Makikita pa rin ba natin ang mga ito sa panahon ngayon?

Sa inyong lugar, ganito rin ba ang inyong pinuno? Kung ikaw ay magiging isang pinuno o kawani ng pamahalaan, paano ka maglilingkod?

Subukan mo namang tumulong sa pagpili ng isang matapat na kawani o pinuno ng pamahalaan upang sila ay maparangalan. Dugtungan mo ng angkop na katangiang nasa ibaba ng bawat pangungusap.


BAHAY PAMAHALAAN

ANG MATAPAT NA KAWANI AT PINUNO AY:

- Tinatapos ang gawain sa ________________________
  (mahabang oras, takdang oras)
- Isinasaalang-alang ang kapakanan ng ___________
  (kakaunti, nakararami)
- ______________ang pagtupad sa tungkulin
  (Pinagbubuti, Pinagtatagal)
- Gumagawa ng _____________sa paglilingkod sa pamahalaan.
  (kabutihan, katiwalian)
- ______________sa pagsasakatuparan ng tungkulin.
  (mahusay, mapagsamantala)
- Nakatutulong sa ______________ng mga mamamayan.
  (paghihiwalay, pagkakabuklod)

Tapos ka na ba sa iyong pagsagot? Magaling. Sagutin mo naman ang pagsasanay sa iyong kuwaderno.

## PAGSANAYAN MO

Iguhit mo ang  kung nagsasaad ng kahalagahan ng matapat na paglilingkod ng mga pinuno at kawani ng pamahalaan at  kung hindi.


1. Pumapasok nang maaga sa trabaho at gumagawa agad.
2. Namimili ng boto tuwing eleksiyon.
3. Magigiliw sa mamamayang kausap.
4. Nagbabayad ng tamang buwis.
5. Ginagampanan ang tungkulin sa abot ng makakaya.
6. Pinagtatakpan ang maling gawa ng kasama.
7. Pinararangalan ang matapat na paglilingkod.
8. Maluwag sa kalooban ang pagtanggap ng puna.
9. Walang sinasayang na oras sa trabaho.
10. Laging may ngiti sa labi sa pagsalubong sa mga taong kaharap.

## TANDAAN MO

- Ang pagiging tapat sa paglilingkod ng mga kawani at pinuno ng pamahalaan ay makatutulong sa pagkakabuklod ng mga Pilipino.

## ISAPUSO MO

A. Ito ay “bilog” ng paglilingkod sa kapwa. Nasa gitna ka dahil bilang munting mamamayan may mahalaga kang tungkulin sa bansa.




Pamilya:

______________________________
______________________________
______________________________

Paaralan:

______________________________
______________________________
______________________________

Pamayanan:

______________________________
______________________________
______________________________

Bansa:

______________________________
______________________________
______________________________


B. Makipanayam sa iyong kasambahay. Tanungin mo sila sa kanilang paglilingkod. Pag-usapan kung bakit kayo nagkakapareho o nagkakaiba? Ano ang natuklasan mo sa iyong sarili at sa iyong kasambahay?

## GAWIN MO

Iguhit sa loob ng bilog ang mukhang angkop sa naramdaman sa mga namasid na paglilingkod.

A ☹ Nalulungkot

B ☺ Nasisiyahan

1. 

2. 

3. 

4. 


5. 



## PAGTATAYA

Sa iyong kuwadernong sagutan isulat mo ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit mahalaga na maging matapat sa paglilingkod ang pinuno at kawani ng pamahalaan?
   a. mawawala ang tiwala ng mamamayan sa pamahalaan
   b. naaantala ang paglilingkod ng mga pinuno ng pamahalaan
   c. makikilahok nang kusang-loob ang mga mamamayan sa mga programa ng pamahalaan
   d. kakaunti ang matatapos na mga gawain sa pamahalaan

2. Kilalang-kilala ang inyong pamilya bilang matulungin at mahusay makipagkapwa. Inalok ang iyong ama na tumakbo bilang mayor. Ano ang maipapayo mo sa kanya?
   a. kumandidato upang magkapera
   b. hayaan siya sa kaniyang magiging plano.
   c. kumuha ng maraming tao sa ibang lugar upang bumoto
   d. maging matapat siya sa kaniyang panunungkulan

3. Ang sumusunod ay mga mabubuting katangian ng isang kawani o pinuno maliban sa ________.
   a. tinatapos ang gawain sa takdang panahon
   b. masayahin ngunit makasarili
   c. matapat sa kaniyang tungkulin
   d. pinagbubuti ang gawaing iniatang sa kaniya

4. Ang sumusunod ay mga kabutihang dulot ng matapat na paglilingkod sa pamahalaan maliban sa isa. Alin ito?
   a. inuuna ang kabutihan ng nakararaming mamamayan
   b. kusang-loob ang pakikiisa sa mga taong-bayan
   c. matapat na pagbabayad ng buwis
   d. tumatanggap ng pabuya sa anumang paglilingkod na ibinibigay sa taong bayan

5. Bilang munting mamamayan, sino ang tutularan mo sa maayos na pamumuhay.
    a. Si G. Cruz na minsan lamang kung pumasok sa tanggapang kaniyang pinapasukan ngunit buo pa rin ang sahod.
    b. Si Gng. Santos na magiliwin sa mga taong kaharap lalo na kung sila'y mayaman.
    c. Si Gng. Reyes na nakikisama lamang sa kaniyang pinuno upang itaas siya ng tungkulin.
    d. Si Gng. Ramos na pumapasok sa takdang oras at pinagbubuti ang kaniyang mga gawain.

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

A. Makipanayam sa ilang tao sa inyong pamayanan na magiging huwaran sa maayos na pamumuhay.
Gawing gabay ang tsart sa ibaba.


| Pangalan | Tungkulin sa Pamayanan | Paraan ng Paglilingkod |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |

B. Gumawa ng poster na naglalarawan tungkol sa sawikaing ito:

Gamitin ang inyong kasanayan sa pagguhit at ipaliwanag ang kahulugan ng ginawang poster.

"Ang isang taong tapat, pinagkakatiwalaan at ang pinagkakatiwalaan ay umuunlad."

## Pagkamamamayang Pilipino, Ikarangal Mo!



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.